

Tuberkulosis (TB)

Tuberculosis (TB)

Ano ang Tuberkulosis (TB)?

Ang TB ay isang malubhang sakit na dulot ng mikrobyo (bakteryang) na kumakalat sa pamamagitan ng hangin.

Karaniwang nakakaapekto ang TB sa mga baga ngunit maaari ring makaapekto sa ibang bahagi ng katawan tulad ng mga glandula, mga buto, mga kasukasuan, mga bato, utak at mga organo ng pampag-anak.

Ang TB ay nalulunasan. Sa British Columbia, ang mga gamot para maiwasan o mapagalang ang TB ay libre sa pamamagitan ng mga Serbisyo sa TB ng Lalawigan at mga pampublikong yunit ng kalusugan.

Paano ito kumakalat?

Ang TB ay kumakalat mula sa isang tao patungo sa ibang tao sa pamamagitan ng hangin kapag ang isang taong may sakit na TB sa baga ay umuubo, bumahing, kumakanta o nagsasalita. Ang isang tao ay dapat malapit na nakipag-ugnayan sa isang taong hindi nagamot na sakit na TB sa baga sa loob ng mahabang panahon at kailangang huminga ng mga mikrobyo ng TB para magkaroon ng impeksyon. Hindi lahat ng may impeksyon sa TB ay magkakasakit ng sakit.

Ano ang pagkakaiba ng impeksyon sa TB at sakit na TB?

Nangyayari ang impeksyon kapag huminga ka ng bakterya ng TB sa iyong mga baga at pinipigilan ng mga panlaban ng iyong katawan ang paglaki ng bakterya at nagpapasakit sa iyo. Ang isang taong may impeksyon sa TB ay hindi makakaramdam ng sakit at hindi maaring ikalat ang bakterya ng TB sa iba. Ito ay tinatawag ding "natutulog na TB".

Ang sakit na TB ay nangyayari kapag huminga ka ng bakterya ng TB sa iyong mga baga at nagsimulang dumami ang bakterya, at maaaring

kumalat ang mga ito sa iyong buong katawan. Maaari kang makaramdam o hindi makaramdam ng sakit, kung paaano mo mararamdaman ay depende sa kung saan lumalaki ang bakterya ng TB. Kapag mayroon kang impeksyon sa TB sa baga maaari mong ikalat ang bakterya ng TB sa mga nasa paligid mo.

Ano ang mga pagkakataon na ang impeksyon sa TB ay nagiging sakit na TB?

Kung ikaw ay malusog at isang taong may impeksyon sa TB, mayroon kang 5 hanggang 10% na posibilidad na magkaroon ng sakit na TB sa buong buhay mo. Gayunpaman, ilang mga partikular na kondisyong medikal ay maaaring ipataas ang iyong panganib ng sakit na TB.

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kang impeksyon sa HIV, talamak na sakit sa bato, kanser, diyabetes o may mahinang sistemang panlaban sa sakit dahil sa gamot.

Ano ang mga sintomas ng sakit?

Ang mga sintomas ng sakit na TB sa baga ay kinabibilangan ng ubo (tuyo o basa) sa loob ng 2 linggo o higit pa, plema, pananakit ng dibdib at pangangapos ng hininga. Ang plema ay mauhog o plema na inuubo mo mula sa kaloob-looban ng iyong mga baga. Maaari ka ring magkaroon ng hindi maipaliwanag na pagbaba ng timbang, lagnat, pagpapawis sa gabi, pagkawala ng gana sa pagkain at kapaguran o pagkapagod. Kung naapektuhan nito ang ibang mga bahagi ng iyong katawan, maaaring nag-iiba ang mga sintomas.

Paano ako masusuri?

Bisitahin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa isang pagsusuri kung mayroon kang mga sintomas ng sakit na TB o gusto mong malaman kung mayroon kang impeksyon sa TB. Ang iyong tagapagbigay

ng pangangalagang pangkalusugan ay gagawa ng pagtatasa ng TB at mag-uutos ng mga naaangkop na pagsusuri. Maaaring may gastos depende sa dahilan ng iyong (mga) pagsusuri sa TB.

Gumagamit ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng tuberculin na pagsusuri ng balat [tuberculin skin test] o pagsusuri ng balat para sa TB [TB skin test (TST)] upang hanapin ang impeksyon sa TB. Ang pagsusuri ay nagsasabi sa iyo kung ang iyong katawan ay "nakita" ang bakteryang TB dati. Hindi nito sinasabi kung ang bakteryang TB ay natutulog o gising. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsusuri ng balat para sa TB, bisitahin ang [HealthLinkBC File #51d Pagsusuri ng balat para sa Tuberkulosis \(TB\)](#).

Ang mga resulta ng TST, ang iyong dahilan para sa pagsusuri at ang iyong pangkalahatang kalusugan ay maaaring mangahulugan na kailangan mo ng karagdagang pagsusuri sa TB. Maaaring kabilang sa karagdagang pagsusuri ang pagsusuri ng dugo ng TB, x-ray sa dibdib o pagkolekta ng plema.

Karaniwang ginagamit ang x-ray sa dibdib at pagkolekta ng plema upang masuri ang sakit na TB. Ang x-ray sa dibdib ay isang larawan ng iyong mga baga na sinusuri ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang makita kung ang bakteryang TB ay lumalaki sa iyong mga baga. Ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay nagpapadala ng plema (mucous o plema mula sa kailaliman ng mga baga) sa isang lab upang suriin kung may bakteryang TB. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [HealthLinkBC File #51b Pagkolekta ng plema para sa tuberkulosis \(TB\) na pagsusuri](#).

Saan ako makakakuha ng pagsusuri ng balat para sa TB?

Depende sa iyong dahilan sa pagkuha ng pagsusuri ng balat para sa TB [TB skin test (TST)], maaari mo itong makuha nang libre o maaaring kailanganin mong magbayad kung ito ay para sa paaralan, trabaho o pagboboluntaryo. Ang mga lokasyon ng serbisyo ay nag-iiba sa buong lalawigan. Maaaring makuha ang mga TST sa iyong pampublikong yunit pangkalusugan, klinikang pangkalusugan sa paglalakbay, parmasya o opisina ng doktor.

Makipag-ugnayan sa iyong lokal na yunit pangkalusugan upang malaman kung saan ka makakakuha ng TST sa iyong lugar. Bisitahin ang ImmunizeBC at www.immunizebc.ca/finder upang hanapin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng iyong lokal na yunit pangkalusugan.

Ano ang paggamot?

Maaari mong gamutin ang parehong impeksyon sa TB at sakit na TB. Ang lahat ng mga tabletas para sa paggamot sa TB ay libre at makukuha sa pamamagitan ng mga Panlalawigang Serbisyo sa TB at mga yunit ng pampublikong kalusugan. Susubaybayan ka nang mabuti ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan habang umiinom ka ng gamot.

Paggamot sa Impeksyon sa TB: Ang paggamot sa impeksyon sa TB ay nakakatulong na maiwasan ang "natutulog" na bakteryang TB na "magising" at magkasakit ka. Ang mga gamot na pang-iwas sa TB ay inirerekomenda para sa mga taong malamang na magkaroon ng sakit na TB.

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung gusto mong kumuha ng pang-iwas sa TB na paggamot. Mahalagang tiyakin nilang wala kang sakit na TB bago simulan ang mga gamot sa impeksyon sa TB. Mahalaga rin na maunawaan ang mga epekto ng bawat tableta at malaman kung kailan mo kailangang tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Paggamot sa Sakit sa TB: Ang paggamot sa sakit na TB ay nagpapagalang sa iyo at pinipigilan ang pagkalat ng sakit na TB ng mga baga sa ibang tao. Ang kumbinasyon ng mga tabletas ay ginamit sa loob ng 6 na buwan o higit pa. Mahalagang kunin ang lahat ng mga tabletang natanggap mo, ayon sa itinuro. Ang paggamot sa TB ay tumatagal ng mahabang panahon dahil ang bakteryang TB ay malakas at mahirap alisin. Mahalaga rin na maunawaan ang mga epekto ng bawat tableta at malaman kung kailan mo kailangang tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Sa panahon ng iyong paggamot para sa sakit na TB, regular mong bibisitahin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Hihilingin nila sa iyo na magbigay

ng mga x-ray sa dibdib at plema upang suriin kung tumutugon ka sa paggamot. Ipapaalam sa iyo ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kapag kumpleto na ang iyong paggamot.

Paano ko mababawasan ang panganib ng pagbibigay ng TB sa ibang tao?

Upang makatulong na protektahan ang ibang mga tao, mahalagang sabihin sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung kanino ka nakipag-ugnayan upang makatulong na matukoy ang mga taong nasa panganib para sa impeksyon ng TB. Ang lahat ng impormasyong ibibigay mo ay pananatiling kumpidensyal.

Kung mayroon kang nakakahawang sakit na TB sa baga o lalamunan, maaari mong ikalat ang bakteryang sa ibang tao, kaya mahalagang simulan kaagad ang paggamot. Hihilingin sa iyo ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

na magsuot ng maskara at manatili sa bahay upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng sakit. Ito ay tinatawag na paghihiwalay sa bahay [home isolation]. Ito ay isang napakahalagang hakbang na dapat mong gawin upang maprotektahan ang ibang tao. Sasabihin sa iyo ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung kailan mo maaaring ihinto ang paghihiwalay sa bahay. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [HealthLinkBC File #51c Paghihiwalay sa bahay para sa tuberkulosis \(TB\)](#).

Para sa karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga klinika ng Sentro sa Pagkontrol ng Sakit ng BC [BC Center for Disease Control (BCCDC)], bisitahin ang www.bccdc.ca/health-info/diseases-conditions/tuberculosis.



Para sa karagdagang HealthLinkBC File na mga paksa, bisitahin ang www.HealthLinkBC.ca/more/resources/healthlink-bc-files o ang iyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan. Para sa hindi pang-emerhensiyang impormasyon sa kalusugan at payo sa B.C. bisitahin ang www.HealthLinkBC.ca o tawagan ang **8-1-1** (libreng-tawag). Para sa bingi at nahihirapang makarinig, tumawag sa **7-1-1**. Ang mga serbisyo ng pagsasalin ay makukuha sa mahigit sa 130 mga wika kapag hiniling.